

Ang Qualified Health Plan Sa Isang Sulyap



MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

nystateofhealth.ny.gov
1-855-355-5777 or
TTY 1-800-662-1220

Si usted habla un idioma diferente al inglés, los servicios de asistencia de idioma están disponibles gratis para usted. Llame al 1-855-355-5777 (TTY: 1-800-662-1220).

如果您使用的語言不是英語，您可以使用我們的免費語言支援服務。請致電 1-855-355-5777 (TTY: 1-800-662-1220)

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at mga batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pinaniniwalaan/relihiyon, kasarian, edad, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pag-aresto, (mga) kriminal na paghatol, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, mga namamanang predisposisyon na katangian, katayuang militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

ANO ANG SINASAKLAW?

- Libreng pangangalagang pang-iwas sa sakit
- Pangangalaga sa inpatient
- Mga serbisyo sa outpatient
- Pangangalaga sa ina at sa bagong silang
- Mga serbisyong pang-emergency
- Laboratoryo at imaging
- Mga serbisyo sa rehabilitasyon at habilitasyon
- Mga inireresetang gamot
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at karamdaman sa paggamit ng alak o droga
- Mga serbisyo para sa kagalingan at pangangasiwa sa hindi gumagaling na sakit
- Dental at paningin para sa mga bata *Maaaring saklaw din ng ilang plano ang mga benepisyo sa ngipin at iba pang benepisyo para sa nasa hustong gulang.*

SINO ANG KWALIPIKADO?

MGA INDIBIDWAL NA:

- Residente ng Estado ng New York
- Mamamayan at aplikanteng legal na naninirahan
- Hindi kwalipikado para sa Medicaid, Essential Plan o Child Health Plus

MAGANDANG BALITA!

ANG IPINAGPATULOY NA MATITIPID NA HALAGA PARA SA MGA KWALIPIKADONG NAGPATALA SA 2026

- Ang mga indibidwal na may kita na mas mababa sa \$54,775 ay kwalipikado na ngayon para sa mas mababang pagbabahagi ng gastos sa pamamagitan ng "Silver Supreme" at ang mga indibidwal na may kita na mas mababa sa \$62,600 ay kwalipikado na ngayon para sa mas mababang pagbabahagi ng gastos sa pamamagitan ng "Silver Enhanced."
- \$0 na out-of-pocket na gastos para sa karamihan ng mga serbisyo para sa diabetes. Nalalapat ito sa mga hindi nakabase sa ospital na serbisyong nauugnay sa pagpigil sa diabetes, supply at inireresetang gamot.
- \$0 na out-of-pocket na gastos para sa karamihan ng mga serbisyo sa kalusugan para sa pagbubuntis at pagkatapos manganak. Nalalapat ito sa mga inireresetang gamot, mga benepisyo sa kalusugan ng pag-iisip/ukol sa paggamit ng kontroladong kemikal, pangunahing pangangalaga at ilang pagpapatingin sa espesyalista.

Makikita ang higit pang impormasyon sa mga matitipid sa halaga para sa 2026 sa:

<https://info.nystateofhealth.ny.gov/costsavings>

MAGKANO ANG ISANG QUALIFIED HEALTH PLAN (QHP)?

MGA BUWANANG PREMIUM: Nakadepende sa planong pipiliin mo ang presyong babayaran mo bawat buwan. Ang karamihan sa mga tao ay kwalipikado sa mga credit sa buwis na pinapababa ang binabayaran mo bawat buwan. Kinakalkula ang mga credit sa buwis batay sa iyong kita, laki ng sambahayan, at kung saan ka nakatira.

PAGBABAHAGI NG GASTOS: Ang halagang binabayaran mo kapag nag-a-access ka ng mga serbisyo. Ang karamihan sa mga tao ay kwalipikadong makatanggap ng tulong sa pagbabayad para sa mga halagang ito, batay sa kita. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng pagbabahagi ng gastos sa QHP para sa mga karaniwang plano sa apat na tier. May magkakaibang pagbabahagi ng gastos at higit pang saklaw na serbisyo ang iba pang available na plano.

PAGBABAHAGI NG GASTOS PARA SA MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN	PLATINUM	GOLD	SILVER	SILVER ENHANCED**	SILVER SUPREME***	BRONZE
Taunang Deductible	\$0	\$775	\$2,450	\$2,160	\$450	\$4,125
Pangangalagang Pang-iwas sa Sakit	Libre	Libre	Libre	Libre	Libre	Libre
Pagpapatingin sa Doktor para sa Pangunahing Pangangalaga*	\$15	\$25	\$30	\$30	\$15	\$50
Pagpapatingin sa Espesyalista*	\$35	\$40	\$65	\$65	\$35	\$75
Pananatili sa Ospital bilang Inpatient sa bawat pagka-admit	\$500	\$1,000	\$1,500	\$1,500	\$250	\$1,500
Pagpapatingin para sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa Outpatient*	\$15	\$25	\$30	\$30	\$15	\$50
Pagpapatingin para sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa Inpatient sa bawat pagka-admit	\$500	\$1,000	\$1,500	\$1,500	\$250	\$1,500
Emergency Room	\$100	\$150	\$500	\$275	\$75	\$500
Agarang Pangangalaga	\$55	\$60	\$70	\$70	\$50	\$75
Pisikal na Therapy, Speech Therapy, Occupational Therapy	\$25	\$30	\$30	\$30	\$25	\$50

PAGBABAHAGI NG GASTOS PARA SA MGA INIRERSETANG GAMOT	PLATINUM	GOLD	SILVER	SILVER ENHANCED	SILVER SUPREME	BRONZE
Generic	\$10	\$10	\$15	\$15	\$9	\$10
Pinipiling Brand	\$30	\$35	\$40	\$40	\$20	\$35
Hindi Pinipiling Brand	\$60	\$70	\$75	\$75	\$40	\$70

* Pinapayagan ng lahat ng Karaniwang planong Silver ang isang pagpapatingin sa provider sa pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) o espesyalista na hindi napapailalim sa deductible; nalalapat ang mga copayment sa mga pagpapatingin na ito. Kasama rito ang mga pagpapatingin para sa kalusugan ng pag-uugali para sa outpatient.

* Ang lahat ng produkto ng Karaniwang Bronze ay may tatlong (3) pagpapatingin na napapailalim sa mga copayment, pero hindi napapailalim sa deductible. Kasama sa mga catastrophic na produkto ang tatlong (3) pagpapatingin para sa pangunahing pangangalaga kada taon sa kalendaryo na hindi napapailalim sa deductible at walang copayment. Ang tatlong pagpapatingin na saklaw sa mga produkto ng Karaniwang Bronze at Catastrophic na produkto ay maaaring sa pangunahing pangangalaga O espesyalista kasama ang mga pagpapatingin para sa kalusugan ng pag-iisip at ukol sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal.

** Silver Enhanced – Ang mga indibidwal na may kita sa pagitan ng \$54,775 hanggang \$62,600, o pamilyang may apat na miyembro na may kita sa pagitan ng \$112,525 hanggang \$128,600 ay kwalipikadong magpatala sa mga planong ito.

*** Silver Supreme – Ang mga indibidwal na may kita na hanggang \$54,775, o pamilyang may apat na miyembro na may kita na hanggang \$112,525 ay kwalipikadong magpatala sa mga planong ito.